



Pinapalaki ng Lungsod ng Brampton ang mga pop-up in-person Service Brampton counter

BRAMPTON, ON (Hunyo 28, 2022) – Simula sa araw na ito, Hunyo 28, pasisimulan ng Service Brampton ang bagong in-person pop-up counter sa Save Max Sports Centre at pahahabain ang mga oras sa Cassie Campbell Community Centre at Gore Meadows Community Centre.

Ang mga Service Brampton counter ay magbibigay ng paraan ng madaling pag-access sa impormasyon at mga serbisyo ng Lungsod para sa mga residente ng Brampton. Ang mga residente ay pwedeng kumbinyenteng bumisita sa mga lokasyon ng Service Brampton sa buong lungsod para humiling ng mga serbisyo at kumpletuhin ang maraming iba't ibang transaksyon, kabilang ang pagpapatala sa recreation, pagbabayad sa mga tiket sa pagparada at pagbabayad ng buwis na hindi cash, Ang credit card, debit card at tseke ay tinatangap sa mga lokasyon na ito.

Ang pansamantalang pop-up counter sa Susan Fennell Sportsplex ay magsasara umpisa sa Hunyo 27, 2022 ngunit ang mga residente ay pwedeng bumisita sa Service Brampton Counter sa City Hall o Brampton Civic Centre. Ang mga oras ay nasa www.brampton.ca/contactus.

Ang pansamantalang ekspansyon ng bagong mga Service Brampton pop-up counter ay naririyang hanggang sa dulo ng 2022. Kasunod nito, papasyahan ng staff kung napaganbda nila ang kasanasan ng customer para sa mga residente ng Brampton at kung may pangangailangan na permanenteng palakihin ang mga lokasyon.

May apat na kumbinyenteng paraan para marating ang Service Brampton 24 oras kada araw, 7 araw kada linggo:

- Bumisita online sa 311Brampton.ca
- I-download ang 311 Brampton app sa App Store o Google Play
- I-dial ang 311 mula sa loob ng Brampton city limits (905.874.2000 sa labas ng city limits)
- Mag-email sa 311@brampton.ca

-30-

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca